


# Cats Sometimes Hate People And Here Is Why

Written by: Joana Marie Palpallatoc
Dated: September 23, 2026

Ito si Shakira, o mas kilala bilang Shaki. Napakamapagmahal niyang pusa, ngunit sa mga taong komportable lamang siya. Gusto niyang dumikit o yumakap sa iisang tao lamang—ang kanyang "dad." Minsan ay hindi niya gustong makakita ng mga bagong tao, at kapag may nakita siya, tumatakbo siya palayo.

Ganito ang pakiramdam ng karamihan sa mga pusa dahil sa masamang karanasan noon na naging dahilan kung bakit ayaw nila sa mga tao—lalo na kung ang karanasang iyon ay halos ikamatay o ikasakit nila. Sinasabing napakatalino ng mga pusa at alam nila kung mabait ang isang tao o hindi. Ito ang kanilang batayan kapag nagpapasiya silang tumabi o humiga sa isang tao. Kung maramdaman nilang hindi ka mabait, lalayo sila.